

Pagtakas sa Karahasan na Pagbayad.

Ikaw ba, o ang isang kakilala mo, ay nagsisikap na umalis o umalis na sa karahasan ng kasama sa buhay o intimate partner? Ang intimate partner ay isang taong nakasama mo sa isang romantikong relasyon tulad ng asawa, partner, o kasintahan.

Kung ikaw ay isang mamamayan ng Australya o permanenteng residente, mahigit sa 18 taong gulang at kamakailan lamang ay nagbago ng mga sitwasyon sa buhay at nakakaranas ng pinansyal na pagkabagabag (stress), maaari kang maging karapat-dapat para sa programang Pagtakas sa Karahasan na Pagbayad o ang Escaping Violence Payment (EVP).

Ang programang EVP ay nag-aalok ng tulong-pinansyal upang matulungan kang sumulong at magkaroon ng isang tahanang malaya sa karahasan.

Ang programang EVP ay suportado ng Pamahalaan ng Australya at pinatatakbo ng UnitingCare network. May mga pangkat ng EVP sa bawat estado at teritoryo na magagamit upang matulungan ka.

Paano ito gumagana?

Ang programang EVP ay nagbibigay ng hanggang \$5,000 tulong-pinansyal kabilang ang:

- hanggang \$1,500 na salapi (o katumbas ng salapi)
- hanggang \$3,500 na halaga ng mga kalakal at serbisyo tulad ng mga lipat-bahay (removalist), bond sa renta o mga gamit sa bahay.

Ang pinagsama-samang tulong-pinansyal na ito ay ibabatay sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan.


Karapat-dapat ba ako?

Ang programang EVP ay magagamit kung ikaw ay:

- 18 taong gulang o higit pa
- isang mamamayan ng Australya, permanenteng residente o may hawak ng protektadong special category visa na naninirahan sa Australya
- nagbabalak na baguhin o binago ang iyong mga kaayusan sa pamumuhay sa loob ng huling 12 linggo dahil sa karahasan ng kasama sa buhay
- nakakaranas ng pinansyal na pagkabagabag (stress) at hindi pa nakapag-access ng EVP sa nakalipas na 12 buwan.

Paano ko maa-access ang kabayaran?

Maaari kang mag apply online sa website ng unitingvictas.org.au/escaping-violence-payment. Kung kailangan mo ng tulong upang makumpleto ang iyong aplikasyon, tumawag sa 1800 387 387. O kung mayroon kang isang tagasuportang manggagawa, maaari ka nilang tulungan sa iyong aplikasyon at mag-aplay online para sa iyo.



Mag-scan
upang malaman
ang higit pa

Upang mag-apply para sa programang EVP, bisitahin ang unitingvictas.org.au/escaping-violence-payment



Dapat ninyong malaman na ang EVP program ay hindi serbisyo na tumutugon sa emerhensya. Kung ikaw ay nasa panganib, tumawag kaagad sa **000**.

Kung nais mo ng suporta sa paggawa ng isang plano sa kaligtasan, maaari kang makipag-ugnayan sa **1800 RESPECT** o **1800 737 732** o sa kanilang online chat service.

Filipino

Pinondohan ng Pamahalaan ng Australya



Australian Government
Department of Social Services